# Hindi makakapasok ng Impyerno ang isa sa inyo na nagdasal bago sumikat ang araw at bago lumubog ito

Ayon kay Abe Zuhayr Amma`rah bin Ru`aybah-malugod si Allah sa kanya-buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Hindi makakapasok ng Impyerno ang isa sa inyo na nagdasal bago sumikat ang araw at bago lumubog ito)) ibig sabihin ay:Ang Fajr(madaling-araw) at Ang Asa`r(hapon).Ayon kay Jareer bin Abdullah AlBajli-malugod si Allah sa kanya-Tumanaw siya sa Buwan sa gabi ng Kabilugan ng Buwan,Nagsabi siya;(( Tunay na makikita ninyo ang inyong Panginoon tulad ng pagtatanaw ninyo sa buwan na iyan,hindi kayo nahihirapan sa pagtingin nito,Kapag nakayanan ninyo na hindi kayo matalo, sa pagdarasal bago sumikat ang araw at bago lumubog ito,ay Gawin ninyo.)) at sa isang salaysay:((Tumanaw siya sa Buwan, sa gabi ng ika-labing-apat))

[Tumpak sa dalawang salaysay nito] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim - Napagkaisahan ang katumpakan]

"Hindi makakapasok ",Ay:Hindi makaka-loob,"Sa impyerno ang isa sa inyo",Sa panimula ito ay para sa pagpaparusa,o para sa Pagsisiguro,"na nagdasal bago sumikat ang araw at bago lumubog ito";ibig sabihin ay ang madaling araw (Fajr) at ang Hapon (Al-As`r),Ibig sabihin Ay;Pinapanatili ang pagsasagawa dito,Sapagkat ang oras sa madaling araw,ay oras ng pagtulog niya at paghimbing niya,At ang oras sa Hapon,ay pag-aabala sa mga gawain niya na pang-araw-araw,at kala-kalan niya,at paghahanda sa pang-hapunan,kayat dito ay may mga patunay sa pag-alis sa sarili mula sa katamaran at pag-ukol niya ng ang mamahal sa pagsamba,at nararapat dito na gampanan niya ang lahat ng limang-dasal,At kapag siya ay nagpanatili sa(pagsagawa ng) dalawa (Al-Fajr at Al-As`r),mas titindian niya ito sa pagpapanatili kaysa iba,At sinuman ang (may ganoon na gawain) nararapat na hindi siya gagawa ng malalaki at maliliit na kasalanan,at kung makagawa man ay agad-magbabalik-loob kay Allah,At ang mga malilit niyang kasalanan na may koneksiyon kay Allah-Pagkataas-taas Niya,ay mabubura,At pagkatapos noon,siya ay hindi na mapapasok sa Impyerno magpakailanman,Si Allah ang higit na nakaka-alam.At ayon kay Ja`ber bin Abdullah Al-Bajli-malugod si Allah sa kanya-Na sila ay nakasama si Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Tumanaw siya sa Buwan sa gabi ng Kabilugan ng Buwan-sa ika-labing-apat ng gabi-,Ang sabi niya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-"(( Tunay na makikita ninyo ang inyong Panginoon tulad ng pagtatanaw ninyo sa buwan na iyan",Ibig sabihin ay:sa Araw ng Pagkabuhay, makikita Siya ng mga mananampalataya sa Paraiso tulad ng pagtanaw nila sa Buwan sa kabilugan ng buwan,At hindi ibig sabihin na si Allah ay katulad ng Buwan,sapagkat si Allah ay walang kahalintulad sa kanyang nilikha,sapagkat Siya ay Napaka-dakila at

Napaka-pitagan-;kamahal-mahakan siya at kapita-pitagan,ngunit ang nais ipahiwatig nito sa kahulugan;pagkukumpara ng pagtanaw sa pagtatanaw,Na tulad ng pagtatanaw natin sa buwan sa gabi ng kabilugan ng buwan na totong natatanaw,at hindi tao nahihirapan dito,Kung kayat tunay na matataw din natin ang ating Panginoon-kamahal-mahalan siya at kapita-pitagan,tulad ng pagtanaw natin sa buwan na totoong natatanaw ng mga Mata na walang paghihirap at dapat mong mapag-alaman,na ang pinaka-masarap at pinaka-mainam na biyaya para sa mga tao ng Paraiso ay ang Pagtanaw sa Mukha ni Allah at wala nang makakapantay pa dito,Kayat sinabi ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Nang binanggit niya na tayo ay matatanaw natin ang Panginoon natin tulad ng pagatanaw natin sa buwan sa gabi ng kabilugan ng buwan-,"Kapag nakayanan ninyo na mapanatili ninyo,ang pagdarasal bago sumikat ang araw at bago lumubog ito,ay Gawin ninyo.)) At ang nais ipahiwatig sa sinabi nito na;"nakayanan ninyo na mapanatili ninyo,ang pagdarasal",Ay;Nararapat sa inyo na isagawa ang dalawang ito ng kompleto; at kabilang dito ay; Ang pagdarasal mo kasama ang mga kasamahan mo(sa Masjid) kapag nakayanan ninyo ang mapanatili ito," Ay Gawin niyo",at dito ay patunay na ang Pagpapanatili sa Dasal ng Madaling-araw (Fajr) at Dasal ng Hapon (As`r) ay kabilang sa mga dahilan nang Pagtanaw sa Mukha ni Allah-Kamahal-mahalan Siya at Kapita-pitagan.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6215

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee